o matanda. Bilang tugon sa pandaigdigang programang ito at sa pambansang pangangailangan na mapaunlad ang sistema ng edukasyon sa bansa, may mga programa sa edukasyon na ipinatupad ang pamahalaan.

Nangunguna sa mga ito ang *Basic Education Program* o kilalang Kinder to Grade 12 Program. Nilalayon nitong magkaroon ang mga mag-aaral ng lubos at tuloy-tuloy na pagkatuto ng mga batayang kasanayan, at magkaroon ng kahandaan sa kolehiyo o pag-eempleyo. May mga Day Care Center din sa mga maraming barangay na nangangalaga sa mga batang nag-uumpisa pa lamang matuto. May programa rin para sa mga *out-of-school youth* at *Indigenous People*. Pinalalaganap din nga pamahalaan ang mga programa nito sa iskolarsyip para sa mahusay na mag-aaral ngunit walang sapat na panustos sap ag-aaral.

Pinaniniwalaang ang tao ay isang malaking yaman nga bansa. Kung kaya, kailangang malusog, di lamanng ang pisikal na pangangatawan, kundi gayon din ang kanyang kaalaman.



# Pagyamanin

**Gawain 1. Panuto:** Bumuo ng *graphic organizer*. Itala sa loob ng kahon ang mga serbisyong pangkalusugan na tungkuling ipagkaloob ng pamahalaan at ang mga epekto sa mga mamamayan ng mga serbisyong ito.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ng isang poster tungkol sa programang pangkalusugan at pang-edukasyon ng pamahalaan. Gawing gabay ang rubriks sa paggawa upang makuha mo ang mataas na puntos.

**RUBRIK SA PAGGAWA NG POSTER**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Akma sa tema, *artistic*, at napakalinis ng pagkaguhit at pagkulay. |
| **Katamtaman (7)** | Akma sa tema, ngunit hindi masyadong *artistic*, at hindi gaanong malinis ng pagkaguhit at pagkulay. |
| **Di-gaanong Maayos (5)** | Lumihis sa tema ang pagkaguhit. |

